
# Roadmap patungo sa pagsasakatuparan ng inklusibong lipunan kasama ng mga dayuhang residente (Buod)

Patungo sa pagsasakatuparan ng inklusibong lipunan kasama ng mga dayuhang residente, ipinapakita ang mga visyon na dapat tunguhin para sa lipunang namumuhay kasama ng mga dayuhan (3 visyon), itinala ang 4 na mahahalagang bagay bilang pangkatamtaman hanggang pangmatagalang hamon na dapat harapin upang makamit ang mga visyon, at binuo ang Roadmap upang ipakita ang mga panukala atbp. na dapat isagawa sa loob ng susunod na 5 taon para sa bawat hamon.

## 1 Pangunahing palagay

### Kalagayan ng paninirahan ng mga dayuhan


#### ◎Pagrami ng dayuhang residente




#### ◎Pagiging sari-saring uri ng nasyonalidad ng pinagmulang bansa/rehiyon


**Katapusan ng taong 2010**

Bilang ng rehistradong dayuhang residente : 2,087,261




**Katapusan ng taong 2021**

Bilang ng dayuhang residente : 2,760,635




### Pagbabagong-kalagayan ng panukala para sa sama-samang pamumuhay

- ■ "Komprehensibong panukala para sa "Mga dayuhang naninirahan sa Japan"" (Disyembre 25, 2006)
- ■ "Pangunahing patakarang 2018 ng pamamahala at reporma sa ekonomya at pananalapi (Honebuto no hōsin) (Hunyo 15, 2018)
- ■ Pagtatatag ng "Konseho ng mga kaugnay na Ministro para sa pagtanggap ng dayuhang manggagawa at inklusibong pamumuhay" (Hulyo 24, 2018)
- ■ "Komprehensibong panukala para sa pagtanggap ng dayuhang manggagawa at inklusibong pamumuhay" (Disyembre 25, 2018 Binago ng 3 beses pagkatapos)

Bagamat isinasagawa ang pagpapabuti sa pamamagitan ng pagbabago ng komprehensibong panukala atbp., tumutugong lamang sa mga panandaliang isyu.

**Binuo ang Roadmap na ipinapakita ang pangkatamtaman hanggang pangmatagalang hamon at mga tiyak na hakbang patungo sa pagsasakatuparan ng visyon na dapat tunguhin para sa inklusibong lipunang kasama ng mga dayuhan**

## 2 Visyon ng inklusibong lipunan kasama ng mga dayuhang residente (3 visyon)

### Ligtas at tiwasay na lipunan

Isang lipunan kung saan isinasama ang mga dayuhan bilang mga miyembro upang sama-samang lumikha ng lipunang Hapon at nakapamumuhay ang lahat nang ligtas at payapa ang isip.

### Diverse at masiglang lipunan

Isang diverse at masiglang lipunan kung saan nakikilahok sa lipunan ang lahat ng tao kasama ang mga dayuhang may iba't ibang karanasan at nagagamit ang pinakamataas na kakayanan.

### Lipunang nagpapahalaga sa dignidad ng bawat isa at karapatang pantao

Isang lipunan kung saan kapwa pinahahalagahan ng lahat ng tao, kasama na ang mga dayuhang residente, ang dignidad ng bawat isa at karapatang pantao at namumuhay nang walang diskriminasyon at pagtatangi.

## 3 Pangkatamtaman hanggang pangmatagalang hamon na dapat harapin (4 na mahahalagang bagay)

1. **Pagtuturo ng wikang Hapon para sa maayos na komunikasyon at pagtulong sa paglahok ng mga dayuhang residente sa lipunan**
2. **Pagbibigay ng impormasyon at pagpapalakas ng sistema ng pagkonsulta para sa mga dayuhang residente atbp.**
3. **Pagbibigay ng angkop na suporta ayon sa life stage at life cycle ng bawat isa**
4. **Pagsisikap upang mapabuti ang imprastraktura para sa inklusibong lipunan**

# 4 Pangunahing hakbangin para sa mga mahahalagang bagay

## ☆1 Pagtuturo ng wikang Hapon para sa maayos na komunikasyon at pakikilahok sa lipunan atbp.

○ Habang patuloy na isinusulong ang paggawa ng komprehensibong sistema upang palakasin ang edukasyon sa wikang Hapon na isinasagawa ng mga Prefektura atbp., susuportahin ito kasama na rin ang isinasagawang edukasyon sa wikang Hapon ng mga munisipalidad sa pakikipagtulungan ng mga Prefektura atbp. 【MEXT】《1》

○ Pagbuo ng modelo ng edukasyon ng bawat larangan ayon sa nilalaman ng edukasyon o sukatan ng anatas atbp. na ipinapakita ng "Balangkas ng sanggunian para sa edukasyon sa wikang Hapon"【MEXT】《3》

○ Pagpapabuti ng kapaligiran (kasama ang bago dumating sa Japan) kung saan makukuha ang mga kaalaman tungkol sa sistema ng lipunan atbp. sa pamamagitan ng oryentasyon para sa pamumuhay (pagbibigay ng pangunahing impormasyon at panimulang edukasyon sa wikang Hapon upang mamuhay sa Japan) , paggawa/ paggamit ng video at iba pa. 【MOJ】《6》

○ Pagbuo at pagbibigay ng ICT na materyales sa pagtuturo para sa pag-aaral ng wikang Hapon ayon sa mga eksena sa buhay at iba pa.【MEXT】《8》

○ Pagpapalaganap ng kapaligiran ng edukasyon sa wikang Hapon sa ibang bansa upang magkaroon ng kakayanan sa mahusay na komunikasyon bago dumating sa Japan【MOFA】《9》

○ Pagpapabuti ng sistema ng akreditasyon sa institusyon ng edukasyon sa wikang Hapon at sistema ng kwalipikasyon sa guro ng wikang Hapon【MEXT】《11》

## ☆2 pagbibigay ng impormasyon sa mga dayuhang residente at pagpapalakas ng sistema ng pagkonsulta para sa mga dayuhan atbp.

○ Paggawa at opisyal na pagaanunsyo ng patakaran sa pagpopost ng "Guide book para sa pamumuhay at pagtatrabaho" at "Portal site para sa pagsuporta sa pamumuhay ng mga dayuhan"【MOJ】《17》

○ Pagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng Myna Portal atbp. 【MOJ】《18》

○ Pagsusulong ng paglalagay ng sentralisadong tanggapan ng konsultasyon sa pamamagitan ng pagsusuri atbp. ng tulong na salapi para sa pagpapabuti ng kapaligiran sa pagtanggap ng mga dayuhan【MOJ】《20》

○ Paggawa ng hakbang para sa pagsasakatuparan ng "sabay-sabay na interpretasyon" na praktikal na magagamit at pagpapalawak ng nakatuong suportadong wika sa 15 wika sa tenolohiya ng pagsasalin sa iba't ibang wika 【MIC】《23》

○ Pagsasagawa ng pinagsamang konsultasyon sa pamamagitan ng kaugnay na local na mga ahensya na sumusuporta sa mga dayuhan atbp.【MOJ】《27》

○ Pagsasagawa ng seminar para sa pagpapalaganap ng Madaling Japanese atbp. 【MOJ】【MEXT】《31》《32》

## ☆3 Pagbibigay ng angkop na suporta ayon sa life stage at life cycle ng bawat isa

○ Pagsasagawa ng proyekto ng lokal na base para sa pagsuporta sa pagpapalaki ng anak kung saan magbibigay ng lugar upang makipag-ugnayan ang mga magulang na nagpapalaki ng anak at makakonsulta tungkol sa pagkabalisa at pag-alala sa pagpapalaki ng anak atbp.【MHLW】《33》

○ Pagsusulong ng pinagsamang pamamahala at paghawak sa kalagayan ng pag-aaral ng mga anak ng mga dayuhan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sistema ng pangunahing rehistrasyon ng residente at sa sistema ng pagtatala ng edad ng mga mag-aaral【MEXT】《36》

○ Pagsusulong ng paglalagay ng espesyal na limitasyon ng kapasidad para sa mga dayuhang mag-aaral sa pagpili ng mga papasok sa pampublikong high school at pagbibigay ng konsiderasyon sa pagkuha ng entrance exam 【MEXT】《47》

○ Pagpapakilala ng sistema ng pagsasama ng indibidwal na pagtuturo ng wikang Hapon sa kurikulum sa high school【MEXT】《49》

○ Pagsasagawa ng konsultasyon para sa trabaho sa pamamagitan ng paglalagay ng propesyonal na tagapayo o interpreter sa service corner ng Hello Work para sa mga dayuhang residente at pagbibigay ng suporta para sa mga dayuhang mag-aaral sa service center ng trabaho para sa mga dayuhan atbp.【MHLW】《57》

○ Pagsasagawa ng bokasyonal na pagsasanay na isinasaalang-alang ang kakayahan sa wikang Hapon para sa mga dayuhang residente【MHLW】《61》

○ Pagpapabuti at pagpapatuloy ng pagbibigay ng imopormasyon tungkol sa sistema ng pensyon【MHLW】《63》

○ Pag-uunawa sa aktwal na kalagayan atbp. sa pamamagitan ng "Pangunahing pagsusuri para sa mga dayuhang residente" atbp.【MOJ】《66》

## ☆4 Pagsisikap upang mapabuti ang imprastraktura para sa inklusibong lipunan

○ Pagtatag ng "Buwan ng kamalayan para sa inklusibong lipunan kasama ng mga dayuhang residente (pansamantalang pangalan)" at pagsasagawa ng ibat' ibang mga event para sa kamalayan【MOJ】《67》《68》

○ Pagsusulong ng karagdagang pagpapalaganap at pagpapahusay ng edukasyon sa mga paaralan batay sa pag-unawa sa ibang kultura at sa inklusibong lipunang may iba't ibang kultura【MEXT】《71》

○ Paggawa at pag-papakita sa publiko ng bagong talahanayan ng istatistika na maaaring maunawaan ang aktwal na kalagayan ng pamumuhay ng mga dayuhang residente ayon sa kanilang nasyonalidad, katayuan ng paninirahan, uri ng trabaho, atbp. gamit ang istatistika ng dayuhang residente atbp. 【MOJ】《74》

○ Pagpapahusay ng istatistika para maunawaan ang aktwal na kalagayan ng pamamahala ng trabaho tulad ng mga kondisyon ng paggawa atbp. ng dayuhang manggagawa at mobilidad ng paggawa atbp. sa loob at labas ng bansa【MHLW】《75》

○ Pagsasagawa ng pagsubok na proyekto upang suportahan ang outreach support na isinasagawa ng pribadong grupo ng suporta para sa mga dayuhang residente【MOJ】《80》

○ Pagsusuri upang bumuo ng istraktura para sentralisadong makuha ang kinakailangang impormasyon para sa pamamahala ng paninirahan sa Kawanihan ng Imigrasyon 【MOJ】《82》

○ Pagpapahusay ng kaginhawaan sa pamamagitan ng pagsasama ng My Number Card at Residence Card【MOJ】《85》

○ Pagpapaunlad ng tagasuporta sa mga dayuhang residente, pagsusuri sa sistema ng sertipikasyon para sa mataas na dalubhasang tagasuporta, atbp.【MOJ】《86》

# 5 Sistema ng pagsusulong

○ Hanggang taong 2026 ng pananalapi ang panahon ng pagpaplano.

○ Kukumpirmahin ang pag-unlad sa pamamagitan ng taon-taon na pagsuri habang kumukuha ng opinyon ng mga dalubhasa, at susuriin ang hakbang kung kinakailangan.

○ Sa mga komprehensibong hakbang, maliwanag na ipapakita ang mga hakbang na dapat gawin sa taon.